# Mga Hindi Pang-karaniwang Kabayaran Matapos Mag-retiro

2008

**Mga Sobrang Kabayaran (Bonus), Kabayaran sa Pagpa-pahinga (Vacation Pay), Mga Komisyon (Commissions), Kabayaran sa Pagka-kasakit (Sick Pay), Mga Kaseguraduhang Komisyon (Insurance Commissions), Mga Natirang Pananim (Carryover Crops), At Iba Pang Mga Hindi Pang-karaniwang Kabayaran.**

## Ano ang mga "hindi pang-karaniwang kabayaran?"

Matapos kang magretiro, maaaring maka-tanggap ka ng mga kabayaran para sa trabahong ginawa mo bago ka nag-umpisang tumanggap ng mga benepisiyo sa Social Security. Karaniwan, ang mga pagba-bayad na ito ay hindi makaka-apekto sa iyong benepisyo sa Social Security kung ang mga ito ay para sa mga kinita mo bago ka nagretiro. Ang pagpa-patunay ng pulyetong ito ang nagla-larawan ng ilan sa mga pang-karaniwang kaurian ng mga pagbabayad, matutulungan kang magpasiya kung naka-katanggap ka na ng ilan sa mga ito at sasabihin sa iyo kung ano pa ang mga paraang dapat mong pagdaanan.

## Ano ang mga katangian ng hindi pang-karaniwang pagbabayad?

Kung ikaw ay nagta-trabaho para kumita, ang mga kinitang natanggap mo matapos kang magretiro ay kabilang sa hindi pang-karaniwang pagbabayad kung ang pinakahuling bagay na ginawa mo para kumita ng kabayaran ay kinumpleto mo bago ka humintong mag-trabaho. Kabilang sa ilang mga hindi pangkaraniwang pagbabayad na ito sa mga trabahador ay ang mga sobrang kabayaran, mga naipong kabayaran sa bakasyon o sa pagka-kasakit, kabayaran kapag natanggal sa trabaho (severance pay), natagalang kabayaran (back pay), kabayaran sa pag-hihintay (standby pay), mga komisiyon sa pagbebenta (sales commissions at mga kabayaran sa pagre-retiro o ipinagpalibang sahod na naiulat sa W-2 form para sa isang taon, subalit kinita noong nakaraang taon. Ang mga halagang ito ay **maaaring** nakapaloob sa W-2 mo sa kahang may tatak na "Nonqualified Plan" (Walang Karapatang Panukala).

Kung ikaw ay may kitang pang-sarili (self-employed),ang ano mang netong kinitang natanggap mo **pagkatapos ng unang taong matapos kang magretiro** ay maituturing na hindi pang-karaniwang pagbabayad kung ginawa mo ang mga serbisyo upang kitain ang kabayarang ito bago ka pa man nabigyan ng karapatang tumanggap ng mga benepisiyo sa Social Security. Ang mga "serbisyo" ay ang ano mang karaniwang gawain o iba pang may kahulugang ginagawa mo para sa iyong kalakalan.

Kabilang sa ilang mga hindi pang-karaniwang pagbabayad sa mga taong may kitang pang-sarili ay ang mga kabayaran sa sakahang programa na pangbukid, kinitang nagmula sa natirang mga pananim o kitang hinango ng may-ari ng kalakalan na walang ginagawang makahulugang mga serbisyo sa kalakalang iyon.

## Papaanong makaka-apekto sa mga benepisiyo ang mga hangganan sa mga kinita?

Karaniwang may mga hangganan sa kung magkano ang kikitain ng mga nakikinabang (beneficiaries) ng Social Security kapag sila ay nagta-trabaho pa at nakababata sa kabuuang edad ng pagre-retiro. Ang kabuuang edad ng pagre-retiro ay 65 (animnapu't lima) maraming taon na ang nakararaan. Nguni't, sa mga tao na ipinanganak ng taong 1938 o sa mga susunod pang taon, ang edad ay paunti-unting tataas hanggang sa umabot ito ng 67 (animnapu't pito) para sa mga tao na ipinanganak noong 1960 o sa mga susunod pang taon. Halimbawa, ang kabuuang edad ng pagre-retiro para sa mga tao na ipinanganak noong 1943 hanggang 1954 ay 66 (animnapu't anim). Ang tatanggaping benepisyo ay mababawasan kapag ang kinita ay mas marami sa itinakdang hangganan.

- Kung mas bata ka sa buong edad ng pagre-retiro, ang mga benepisiyo mo ay babawasan ng $1 para sa bawat $2 na kinita mo. Ang hangganan ngayong 2008 ay $13,560.
- Sa taon na umabot ka sa buong edad ng pagreretiro, ang mga benepisyo mo ay babawasan ng $1 para sa bawat $3 na kikitain mo. Ang hangganan ngayong 2008 ay $36,120.
- Makukuha mo ng buo ang iyong benepisiyo simula sa buwan na umabot ka sa buong edad ng pagre-retiro gaano man kalaki ang iyong kikitain.

(kabila)

## Kung sa palagay mo ay tumanggap ka ng hindi pang-karaniwang kabayaran

Kung tumatanggap ka na ng Social Security at ang mga kabuuan ng taunang kinita mo ay lumampas sa hangganan at kabilang sa mga kinitang ito ang hindi pang-karaniwang kabayaran, nararapat lang na makipag-bigay alam ka sa Social Security. Kung iniisip mo naman na ikaw ay nakatanggap ng hindi pang-karaniwang kabayaran, ito ay ka-kailanganing ipag-bigay alam mo sa amin. Kapag sinang-ayunan ka namin, ang pang-karaniwang kabayarang ito ay maaring hindi namin idadagdag bilang bahagi ng mga kabuuang kinita mo para sa taon.

## Halimbawa ng hindi pang-karaniwang kabayaran

Ang halimbawang ito ay ipinapakita kung papaano pinaki-kitunguhan ang hindi pang-karaniwang kabayaran sa loob ng mga alituntunin ng Social Security.

Nagretiro si Mr. DeSilva sa edad na 62 noong Nobyembre 2007 at nagsimula siyang tumanggap ng mga benepisiyo sa Social Security. Nitong nakaraang Enero 2008, si Mr. DeSilva ay nakatanggap ng tsekeng nagkakahalaga ng $17,000 para sa natira niyang kabayaran para sa bakasyon. Dahil ito ay kabayaran para sa bakasyon na kanyang naipon bago siya nag-retiro, ituturing itong pang-karaniwang bayad ng Social Security at hindi ito kasali papunta sa kinitang may hangganan para sa 2008.

## Mga taong taga-benta ng Kaseguraduhan (Insurance Salespeople) at mga magsasaka

Dalawang katiyakang pagha-hanap buhay na grupong karaniwang tumatanggap ng mga kita na karapat-dapat sa mga hindi pang-karaniwang kabayaran ay ang sino mang mga taong nagbe-benta ng kaseguraduhan na nakatanggap ng pagbabago (renewal) o paulit (repeat) na mga komisyon at ang mga magsasakang makata-tanggap ng kita galing sa mga natirang pananim (carryover crops).

### Mga taong Nagbe-benta ng Kaseguraduhan (Insurance salespeople)

Marami sa mga taong nagbe-benta ng kaseguraduhan ang patuloy na tumatanggap ng mga komisyon pagkatapos ng taon kung kailan sila nagretiro. Ang komisyon na ito ay para sa mga patakarang (policies) kanilang naibenta bago sila nag-retiro. Ang kinitang ito ay hindi maka-kaapekto sa kanilang mga benepisiyo sa Social Security, kung ang kitang ito ay resulta ng trabahong ginawa nila bago sila nag-retiro.

### Mga magsasaka

Maraming mga magsasaka ang umaani at nagtatabi ng mga ani sa isang taon upang ibenta sa ibang taon. Ang kinikitang ito ay hindi makakaapekto sa mga benepisyo sa Social Security.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter doon sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10063-TL
Special Payments After Retirement (Tagalog)
January 2008